Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 17 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 MAYO 2003, IKA- 8:40 NG UMAGA SA PAARALANG ELEMENTARYA NG LIBERTAD.

Mga Dumalo:

Konsehal Ramil O. Dimapilis	- Acting Presiding Officer
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Fronda	

Hindi Nakadalo:

Vice Mayor Cesar T. Daticos	- Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Talens	- OB Calapan City
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay OB Calapan City
Konsehal King Philip D. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

---

KAPASYAHAN BLG. 045
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BARANGAY LIBERTAD AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawa't buwan sa mga barangay ng bayang ito;

SAPAGKA'T ang ikaanim na barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Libertad na ginanap ngayong Mayo 19, 2003;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Libertad at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Libertad at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Libertad sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Mayo 19, 2003.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Libertad at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Mayo 19, 2003.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Libertad, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Edison M. Aguila para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 19 Mayo 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

HAMIL O. DIMAPILIS
Sangguniang Bayan Member/
Acting Presiding Officer

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mcrz/
051903